



*Filipino Language and the Discourse on
Gender: The Misgendering of Jude Bacalso
as a Reflection of Social Perspective*

Wikang Filipino at ang Diskurso ng Kasarian:
Ang Misgendering kay Jude Bacalso Bilang
Salamin ng Panlipunang Pananaw

Ignatius H. Vinzons 
University of the Philippines Manila
ihvinzonss@up.edu.ph

DOI: <https://doi.org/10.70922/1ygzdb42>

Copy Editor: GERLIE OGATIS

[Submit to this journal](#) 

[Other related articles](#) 

Announcements

[Other PUP Journals](#) 

Other citation formats:

Article History:

Received: July 8, 2025
Accepted: September 11, 2025
Revised: October 6, 2025

How to Cite this paper:

Vinzons, Ignatius H. "Wikang Filipino at ang Diskurso ng Kasarian: Ang Misgendering kay Jude Bacalso Bilang Salamin ng Panlipunang Pananaw." *Mabini Review* 16, no. 1 (2026): 105–130. <https://doi.org/10.70922/1ygzdb42>.

Please contact the publisher for any further use of this work at
mabinireview@pup.edu.ph.

Filipino Language and the Discourse on Gender: The Misgendering of Jude Bacalso as a Reflection of Social Perspective

Wikang Filipino at ang Diskurso ng Kasarian: Ang Misgendering kay Jude Bacalso Bilang Salamin ng Panlipunang Pananaw

Ignatius H. Vinzons 
University of the Philippines Manila
ihvinzonss@up.edu.ph

Abstract

The absence of grammatical gender in Filipino pronouns and some nouns has led some to claim that the Filipino language is gender neutral. However, cases of misgendering are undeniably present in our society. If the Filipino language is truly gender-neutral, how does misgendering occur in our context? This paper discusses the concept of misgendering, examines some of its examples in the Philippine context, and revisits literature on the supposed gender-neutrality of the Filipino language. It then analyzes the case of Jude Bacalso, a transgender woman who became a topic of public discourse on social media in July 2024 due to an issue of misgendering. Using three Facebook posts with the highest number of reactions and shares related to Bacalso's case, the study conducts a content analysis of the comments and finds that all commenters rejected Bacalso's identity as a woman. The analysis reveals that biology and religion are the two primary bases used by society to assert that Bacalso is a man. In the comments, the Filipino language is frequently used as a tool for mocking, insulting, and invalidating Bacalso's gender. The results of this study affirm and strengthen earlier studies that claim only a small part of the Filipino language is truly gender neutral. In the case of Bacalso's misgendering, it becomes evident that the Filipino language can be used as a tool for gender-based oppression. Therefore, the paper advocates for the expansion of research on transgender people in the Philippines as a gender category and on gender-related issues in language.

Keywords: *Filipino language, gender, gender-neutral, misgendering, transgender*

Abstrak

Ang kawalan ng kasarian ng mga panghalip at ilang mga pangngalan sa wikang Filipino ang nag-udyok sa ilan para sabihing gender-neutral ang wikang ito. Gayunman, hindi maitatangi na may mga kaso ng misgendering sa ating lipunan. Kung tunay ngang gender-neutral ang wikang Filipino, paano nagkakaroon ng misgendering sa atin? Sa papel na ito, tinalakay ang konsepto ng misgendering, sinuri ang ilang mga halimbawa nito sa kontekstong Filipino, at binalikan ang mga literatura hinggil sa pagka-gender-neutral ng wikang Filipino. Pagkatapos, sinuri ang kaso ni Jude Bacalso, isang transgender na naging paksa ng usap-usapan sa social media noong Hulyo 2024 dahil sa isyu ng misgendering. Gamit ang tatlong Facebook posts na may pinakamaraming komento, reaksyon, at shares tungkol sa kaso ni Bacalso, inanalisa ang mga komento dito sa pamamagitan ng content analysis at lumabas na halos lahat ng mga nagkomento ay hindi tinatanggap na babae si Bacalso. Ipinakita ng kaso ni Bacalso ang panlipunang pananaw na biyolohiya at relihiyon ang dalawang pangunahing batayan ng mga Filipino sa pagkilala ng kasarian. Lumabas din sa pagsusuri na wikang Filipino ang madalas na ginagamit sa panlalait, pangungutya, at pananakit kaugnay ng kasarian ni Bacalso. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay umaayon at nagpapatibay sa mga nauna nang pananaliksik na nagsasabing maliit lamang na bahagi ng wikang Filipino ang maaaring ituring na gender-neutral. Sa kaso ng misgendering kay Bacalso, mababanaag na ang wikang Filipino ay nagagamit din bilang kasangkapan sa pang-aapi batay sa kasarian. Dahil dito, isinusulong ang pagpapalawak ng mga pag-aaral sa mga transgender sa Pilipinas bilang kasarian, gayundin sa mga usaping pangkasarian sa wika.

Mga susing salita: *gender-neutral, kasarian, misgendering, transgender, wikang Filipino*

INTRODUKSYON

Ayon sa *Merriam-Webster Dictionary*, ang pandiwang *misgender* ay nangangahulugang maling pagtukoy sa kasarian ng isang tao (tulad ng non-binary o transgender) sa pamamagitan ng paggamit ng maling panghalip o pantawag.¹ Samantala, ayon sa *Cambridge Dictionary*, ang *misgender* ay tumutukoy sa paggamit ng maling panghalip o iba pang espesipikong salitang pangkasarian kapag tinutukoy o kinakausap ang isang tao, lalo na ang isang transgender—isang taong ang kasarian ay hindi tumutugma sa kanyang

1 *Merriam-Webster*, “Misgender”, <https://www.merriam-webster.com/dictionary/misgender>

itinakdang kasarian sa kapanganakan.² Ayon naman sa *Oxford Dictionary*, ang *misgender* ay ang pagtukoy sa isang tao (lalo na sa isang transgender) sa pamamagitan ng paggamit ng salita, partikular na ng panghalip o iba pang salitang pantukoy, na hindi sumasalamín sa kanilang pagkakakilanlang kasarian.³ Kung pagbabatayan ang mga depinisyon mula sa tatlong pinakakilalang mga diksiyonaryo sa mundo, tatlong bagay ang malinaw na ipinapahayag: una, ang *misgendering* ay tumutukoy sa paggamit ng mga salitang pantukoy sa isang tao na hindi tumutugma o umaayon sa kanyang pagkakakilanlang kasarian; ikalawa, panghalip ang karaniwang sangkot sa *misgendering*; at ikatlo, ang mga transgender ang madalas makaranas ng *misgendering*. Sang-ayon ang ibinigay na pagpapakahulugan nina Ansara at Hegarty⁴ sa depinisyong nakasaad sa tatlong diksiyonaryo, at kanilang sinabi na ang *misgendering* ay maaaring maranasan ng kahit sino. Gayunpaman, mas karaniwan itong nangyayari sa dalawang grupo: una, sa mga babaeng ang propesyon ay madalas na iniuugnay sa kalalakihan; at ikalawa, sa mga taong ang kasarian ay hindi kinikilala ng lipunan, kabilang na ang mga transgender. Kaayon din ng diksiyonaryong depinisyon ang ibinigay nina Edmonds at Pino⁵ na nagsabing ang mga transgender ang madalas na biktima ng *misgendering*. Dagdag pa rito, binanggit nilang bukod sa panghalip at mga salitang pangkasarian, ang pagtawag gamit ang dati at hindi na ginagamit na pangalan ng isang taong nagpalit na ng pangalan upang umayon sa kanyang pagkakakilanlang kasarian ay maituturing ding *misgendering*. Halimbawa, kung si Mario ay nagpalit ng pangalan bilang Maria ngunit patuloy pa ring tinatawag na Mario, ang tawag dito ay *deadnaming*,⁶ na isa ring anyo ng *misgendering*. Dagdag pa nina Edmonds at Pino, ang *misgendering* ay isang uri ng *microaggression*—isang porma ng diskriminasyon na naipapahayag sa pamamagitan ng berbal at di-berbal na paraan upang maiparating ang galit, kawalan ng paggalang, o kawalan ng malasakit. Tinawag itong “micro” dahil nagaganap ito sa araw-araw na interaksyon sa lipunan.⁷ Sa kanilang pagpapakahulugan, ang *misgendering*

2 Cambridge, “Misgender”, <https://dictionary.cambridge.org/us/dictionary/english/misgender>

3 Oxford, “Misgender” vers 15.8.1138 (2025)

4 Y Gavriel Ansara and Peter Hegarty. “Methodologies of Misgendering: Recommendations for Reducing Cisgenderism in Psychological Research.” *Feminism & Psychology* 24, no.2 (2014): 260. <https://doi.org/10.1177/0959353514526217>.

5 David Matthew Edmonds and Marco Pino. “Designedly Intentional Misgendering in Social Interaction: A Conversation Analytic Account.” *Feminism & Psychology* 33, no. 4 (2023): 669. <https://doi.org/10.1177/09593535221141550>.

6 Ibid.

7 Ibid.

ay isa lamang sa maraming anyo ng karahasan laban sa mga taong ang kasarian ay hindi kinikilala ng lipunan, kabilang na ang mga transgender. Ngunit bakit nga ba ang mga transgender ang mas madalas na nasasangkot sa mga kaso ng misgendering? Sino nga ba ang isang transgender? Ang isang transgender ay may kasarian na hindi tumutugma sa itinakdang kasarian sa kanyang kapanganakan. Dahil dito ay nakakaranas sila ng pagkabalisa dahil sa kagustuhan nilang makawala sa itinakdang kasarian na ito.⁸ At dahil may mga hakbang na ginagawa ang mga transgender sa kanilang katawan para tumugma ang kanilang pisikal na anyo sa kanilang kasarian—tulad ng pagpapahaba ng buhok, paglalagay ng make up, pagpaparetoke—nagbubunga ito ng kalituhan sa ibang tao at nagiging sanhi ng misgendering. Bukod sa pagkalito sa pagtukoy sa kasarian, isa ding dahilan ng misgendering ang hindi pagkilala sa mga kasarian na labas sa baynaryo ng pagkalalaki at pagkababae. Ang misgendering sa konteksto ng ganitong pananaw ay intensyonal.⁹ Sa papel na ito, tanging ang misgendering sa mga babaeng transgender ang pagtutuunan ng pansin para maiwasang masabit sa masalimuot na mundo ng misgendering sa madaming uri ng kasarian. Gagamitin din sa papel na ito ang pinaiksing salitang “trans” bilang tawag sa mga babaeng transgender.

Ilang mga kaso na rin ng misgendering sa trans sa Pilipinas ang naging kontrobersyal at naisapubliko. Marahil ang kaso ni Jennifer Laude ang isa sa mga pinakaunang naging kontrobersyal na kaso ng misgendering sa bansa. Si Laude ay isang trans na pinatay ng Amerikanong si Joseph Scott Pemberton noong Oktubre 11, 2014. Si Pemberton ay isang sundalo ng US Army na nasa Pilipinas para sa isang gawaing militar na pagsasanay. Binayaran niya si Laude bilang isang babaeng inaasahan nyang magbibigay ng sekswal na pabor. Pero nang mabunyang ang pagiging trans ni Laude, naging dahilan ito para patayin siya ni Pemberton.¹⁰ May ilan ding mga lokal na personalidad na trans ang nakaranas ng diskriminasyon at misgendering. Isa na rito si Jervi Li na mas kilala bilang si Kaladkaren Davila, ang gumagaya sa mamamahayag na si Karen Davila. Si Li at ang kanyang mga kasama ay hindi pinayagang makapasok sa

8 Dilini Abeyratne et al. “Review on the Transgender Literature: Where Are We Now and a Step beyond the Current Practice?” *Endocrines* 3, no. 2 (2022): 317. <https://doi.org/10.3390/endocrines3020026>.

9 Marco Pino and David Matthew Edmonds. “Misgendering, Cisgenderism and the Reproduction of the Gender Order in Social Interaction.” *Sociology* 58, no. 6 (2024): 1246. <https://doi.org/10.1177/00380385241237194>.

10 Max López Toledano. “The Afterlife of Jennifer Laude: Trans Necropolitics and Trans Utopias.” *Crossings: Swarthmore Undergraduate Feminist Research Journal* 1, no. 1 (2023): 17–18. <https://works.swarthmore.edu/crossings/voll/iss1/2>.

isang bar sa Makati, dahil sila ay tinuring na bakla.¹¹ Isa pang personalidad na trans na hindi pinayagang makapasok sa bar ay si Veejay Floresca, isang internasyonal na fashion designer. Siya ay may ID mula sa California, Estados Unidos, na nagsasaad na babae ang kanyang kasarian. Pero kahit na ipinakita nya ang ID na ito, hindi pa rin siya pinayagang makapasok sa isang sikat na bar sa Taguig, dahil ayon sa bouncer ng bar, “Lalaki pa rin ‘yan’.”¹² Nitong Hulyo 2024, isa na namang kontrobersyal na usapin ng misgendering ang naging sentro ng diskusyon sa internet. Ito ang kaso ng isang lokal na personalidad na trans mula Cebu na si Jude Bacalso. Ayon sa ulat, pinatayo at sinermunan umano ng dalawang oras ni Bacalso ang isang waiter na tumawag sa kanya ng “sir” sa kabila ng kanyang kasuotan at ayos na pambabae. Isang netizen ang nakasaksi at nagpost ng pangyayari sa social media. Umami ito ng napakaraming batikos at kalaunan ay humingi ng paumanhin si Bacalso. Ang isyu ay humantong sa pagsasampa ng reklamo ng waiter laban kay Bacalso.¹³

Sa mga kaso ng misgendering sa ating bansa, maaari nating itanong kung ano ang kaugnayan ng ating wika sa mga ito. May paniniwala na gender-neutral ang wikang Filipino.¹⁴ Sa wikang Filipino kasi, wala namang kasarian ang mga panghalip, na siyang pangunahing salarin sa misgendering. Maraming wika ang may kasarian ang mga pangngalan at panghalip, tulad ng Espanyol, Aleman, Pranses, Ingles, at iba pa. Bilang isang bansa kung saan ang Ingles ay ikalawang wika, malinaw na makikita ang pagkakaiba nito sa wikang Filipino. Halimbawa, ang Ingles na *he* at *she* ay “siya” lang ang katumbas sa Filipino. Ang *his* at *her* naman, ay “kaniya” lang sa Filipino. May mga pangalan din sa wika natin na walang kasarian, tulad ng “asawa”, na maaaring *husband* o *wife* sa Ingles; o di kaya ang salitang “kapatid”, na maaaring *sister* o *brother* sa Ingles. Dahil dito, sinasabing gender-neutral ang wikang Filipino. May mungkahi pa nga na ang wikang Filipino umano ang dapat gamitin para maiwasan ang

11 Mara Cepeda. “House to Probe Makati Bar for Keeping Out Kaladkaren Davila.” *Rappler*, August 28, 2018. <https://www.rappler.com/philippines/210585-house-investigation-kaladkaren-davila-denied-entry-hj-sports-bar-restaurant-makati/>.

12 Fritzie Rodriguez. “Veejay Floresca: Lift Valkyrie’s Ban on ‘Crossdressers.’” *Rappler*, June 22, 2015. <https://www.rappler.com/moveph/97126-transgender-discrimination-dress-policy/>.

13 Calvin Cordova. “Charges Filed vs Jude Bacalso over Misgendering Incident.” *Manila Bulletin*, August 30, 2024. https://mb.com.ph/2024/8/30/charges-filed-vs-jude-bacalso-over-misgendering-incident#google_vignette.

14 Jacqueline Arias. “On the Filipino Gender-Neutral Language and Our Egalitarian Origin.” *Preen.ph*, June 4, 2019. <https://preen.ph/96642/on-the-filipino-gender-neutral-language-and-our-egalitarian-origin>; Jianna Nacpil. “Our Language Is Gender-Neutral.” *Of the People*, October 28, 2020. <https://medium.com/ofthepeople/our-language-is-gender-neutral-c49de9c3721f>.

mga pagkiling sa kasarian.¹⁵ Pero kung tunay na gender-neutral ang wikang Filipino, paano natin bibigyan ng paliwanag ang mga kaso ng misgendering sa kontekstong Filipino? Sa pamamagitan ng pagsuri sa reaksyon ng mga tao sa kaso ng misgendering ni Bacalso, susubukang sagutin ng papel na ito ang tanong na: Paano sinasalamain ng kaso ng misgendering kay Jude Bacalso ang panlipunang pananaw tungkol sa kasarian at wikang Filipino?

Mayaman na ang diskursong pangkasarian sa konteksto ng Pilipinas. Ang laban ng mga kababaihan sa mababang pagtingin sa kanilang kasarian at ang pagsulong ng feminismo sa lipunan ay may mahaba nang kasaysayan. Halimbawa, ipinakita sa mga pag-aaral ni Quindoza-Santiago¹⁶ na ang pananakop ng mga Kastila at paglaganap ng Katolisismo ang mga salarin sa pagkakaroon ng patriyarkal na sistema sa bansa. Ayon sa mga pag-aaral na ito, dati ay mataas ang katayuan sa lipunan ng mga kababaihan bago dumating ang mga Kastila. Pero dahil sa pananakop ng mga Kastila at dala nitong mga paniniwala, naging mababa ang pagtingin at trato sa kanila. Mayaman din ang diskurso sa usapin ng mga bakla sa diskursong pangkasarian. Halimbawa, ang mga ambag ni Neil Garcia¹⁷ sa diskursong ito kung saan, tulad ni Quindoza-Santiago, ipinakita nya ang epekto ng kolonisasyon ng mga Kastila sa pagbabago ng ating pananaw sa kasarian na dati naman ay mapagtanggap sa mga *queer*. Inilarawan din nya ang *gay culture* sa bansa at nagbigay-linaw at konteksto sa mga konseptong madalas na iugnay sa pagiging bakla tulad ng pagiging silahis, binabae, at MSM. Bukod sa usaping pangkababaihan at kabaklaan, mayroon ding diskurso sa pagkalalaki. Dahil sa mga lagapanap na isteryotipikong pangkasarian, nagkakaroon din ng pagkakahon sa kung sino ang maituturing na mga lalaki

15 Florian Kim Dayag. "Gender-Neutral Language in Philippine Supreme Court Decisions." *Comparative Law and Language* 2, no. 1 (2023): 1–25. <https://teseo.unitn.it/cil/article/view/2520/2580>.

16 Lilia Quindoza-Santiago. "Ang Pinagmulan ng Kaisipang Feminista sa Pilipinas." *Review of Women's Studies* 5, no. 2 – 6, no. 1 (1996): 141–157. <https://journals.upd.edu.ph/index.php/rws/article/view/3111>; *Sa Ngalan ng Ina: Sandaang Taon ng Tulang Feminista sa Pilipinas 1889–1989*. Quezon City: UP Press, (1997).

17 J. Neil Garcia. *Philippine Gay Culture: Binabae to Bakla, Silahis to MSM*. Hongkong Univeristy Press and UP Press, 2009; "Male Homosexuality in the Philippines: a short history." *International Institute for Aisan Studies Newsletter* 35 (2004): 13. https://www.iias.asia/sites/default/files/2020-11/IIAS_NL35_13.pdf.

sa lipunan.¹⁸ Naitampok naman ni Buenaflor¹⁹ sa kanyang pag-aaral ang anim na doktoradong disertasyon sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle na ang paksa ay may kaugnayan sa kasarian, kaya't masasabing indikasyon ito ng yaman ng kasalukuyang literatura sa usaping pangkasarian sa Pilipinas. Pero hindi pa gaanong napagtutuunan ng pansin ang usapin ng mga transgender sa Pilipinas. Kaya ang pag-aaral na ito ay isang pagsulong sa patuloy na pag-usad ng usaping pangkasarian, kung saan may mga bagong yugto na kailangang harapin, tulad ng mga isyu ng misgendering at ng pagiging trans sa Pilipinas.

Ang mga pag-aaral tungkol sa misgendering sa mga trans ay masasabing nasa panimulang yugto pa lang. Isa sa mga naunang pag-aaral tungkol dito ay mula kina Ansara at Hegarty.²⁰ Sa kanilang mga pag-aaral, tinukoy ang *cisgenderism* bilang sanhi ng pagkakaroon ng misgendering. Ang *cisgenderism* ay ang paniniwalang ang pagiging babae o lalaki lamang ang tanging kinikilalang kasarian ng mga tao. Ipinakita sa mga pag-aaral ang kapangyarihan ng tradisyunal na pananaw na ito, kung saan maging ang mga propesyonal sa sikolohiya—na siya sanang dapat may mas malalim na pag-unawa sa isyu ng kasarian—ay nananatiling nakabatay sa balangkas ng *cisgenderism*. Sa pag-aaral naman ni McClemore,²¹ lumabas na hindi maganda ang naidudulot ng misgendering para sa mga transgender. Ang pagkakamali sa pagtukoy sa kanilang kasarian ay nagdudulot ng pagkabalisa, stress, depresyon, at stigma. Sinusugan ito ng iba pang mga pag-aaral na nag-ulat ng diskriminasyon at iba pang negatibong karanasang dulot ng misgendering—hindi lang para sa mga transgender kundi pati na rin sa mga kasariang hindi saklaw ng baynaryong

18 Leonardo De Castro. "Pagiging Lalaki, Pagkalalaki, at Pagkamagino." *Philippine Social Sciences Review, Gender Issues in Philippine Society*, edited by M. C. Gastardo-Conaco, 52, vols. 1-4 (1995): 127–142. <https://journals.upd.edu.ph/index.php/pssr/article/view/1717/1657>.

19 Lorenzo Miguel Buenaflor. "Panimulang Pag-aaral sa Diskursong Pangkasarian sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle." *Malay* 33, no.1 (2020): 82–97. <https://www.dlsu.edu.ph/research/publishing-house/journals/malay/sinupan/edisyon-33-1/malay-6/>.

20 Y Gavriel Ansara and Peter Hegarty. "Cisgenderism in Psychology: Pathologising and Misgendering Children from 1999 to 2008." *Psychology & Sexuality* 3, no. 2 (2011): 137–160. <https://doi.org/10.1080/19419899.2011.576696>; "Methodologies of Misgendering", (2014).

21 McClemore, K. A. "Experiences with Misgendering: Identity Misclassification of Transgender Spectrum Individuals." *Self and Identity* 14, no. 1 (2014): 51–74. <https://doi.org/10.1080/15298868.2014.950691>; "A Minority Stress Perspective on Transgender Individuals' Experiences with Misgendering." *Stigma and Health* 2 (2016). <https://doi.org/10.1037/sah0000070>.

pagkalalaki at pagkababae.²² Ang misgendering ay maaaring dulot ng pagkalito, dahil ang pisikal na anyo ng kausap o kaharap ay hindi tugma sa kasarian. Sa ganitong mga pagkakataon, ang misgendering ay hindi sinasadya. Pero may mga pag-aaral na nagpakita na ang misgendering ay sinasadya o intensyonal.²³ Ayon sa mga pag-aaral na ito, nagaganap ang intensyonal na misgendering kapag hindi tanggap ng isang tao ang kasariang ipinapahayag ng iba, at sadyang ginagamit ang pantukoy na kasarian upang idiin na hindi niya kinikilala ang naturang identidad. Dahil sa mga hindi maganda at mapanakit na epekto ng misgendering, may nagsasabi na mali ito sa antas ng moralidad.²⁴ Sa mga nabanggit na pag-aaral, makikitang masalimuot at mayaman ang usapin ng misgendering. Pero wala pang direkta at pormal na pag-aaral tungkol dito sa konteksto ng lipunang Filipino, kaya layunin ng pag-aaral na ito na simulan ang diskurso sa naturang paksa.

Kung wala pang direktang pag-aaral tungkol sa misgendering sa konteksto ng Pilipinas, may umuusbong namang mga pag-aaral tungkol sa mga trans na babae sa bansa. At kung may maituturing malapit na pag-aaral na maaaring iugnay sa misgendering sa kontekstong Filipino, ito ay ang pananaliksik nina Silan²⁵ tungkol sa mga karanasan ng mga Pinay na transgender sa kanilang pagsakay sa MRT. Sa pag-aaral na ito, lumitaw ang sinasabing intensyonal na misgendering, kung saan hindi kinilala ng mga gwardya at mga opisyal ng MRT, ang mga transgender na babae bilang mga babae. Kaya't kahit nakabihis at nakaayos bilang babae ang isang trans, hindi siya pinapapila o pinapapasok sa bagon na nakalaan lang para sa mga babae.

22 Corby, S., et al. "Burned Out by the Binary: How Misgendering of Nonbinary Employees Contributes to Workplace Burnout." *The International Journal of Human Resource Management* 36, no. 7 (2024): 1129–1163. <https://doi.org/10.1080/09585192.2024.2374892>; Gunn, Hamish. "The Experience of Misgendering Among Trans and Gender Diverse People." Graduate Doctoral Dissertations 600, University of Massachusetts Boston (2020), https://scholarworks.umb.edu/doctoral_dissertations/600; Kai Jacobsen et al. "Misgendering and the Health and Well-Being of Non-Binary People in Canada." *International Journal of Transgender Health* 25, no. 4 (2023): 816–830. <https://doi.org/10.1080/26895269.2023.2278064>.

23 Edmonds and Pino, "Designedly Intentional Misgendering", (2023); Pino and Edmonds, "Misgendering, Cisgenderism", (2024).

24 Stephanie Julia Kapusta. "Misgendering and Its Moral Contestability." *Hypatia: A Journal of Feminist Philosophy* 31, no. 3 (2016): 502–519. <https://doi.org/10.1111/hypa.12259>.

25 Miguel Silan, Mary Ann Rivera, and Loraine Chulipa. "Trans on Trains: Lived Experiences of Filipina Transgender Women on the MRT." *Philippine Journal on Psychology* 49, no. 2 (2016): 35–60. <https://www.pap.ph/assets/files/journals/trans-on-trains-lived-experiences-of-filipina-transgender-women-on-the-mrt.pdf>.

Bukod sa sinasadyang misgendering, ang pag-aaral ay nakatuon din sa pangkalahatang karanasan ng mga trans na babae sa pagsakay sa MRT, kung saan sila ay madalas na nakakaranas ng diskriminasyon, pambabastos, at pangungutya. Inilarawan naman ni Abesamis²⁶ sa kanyang pag-aaral ang mahirap na kalagayan ng mga trans sa konteksto ng serbisyong pangkalusugan sa Pilipinas. Ayon sa kanya, hindi natatanggap ng mga trans ang mga serbisyong pangkalusugan na naaayon sa kanilang mga pangangailangan tulad ng gender-affirming hormones at surgeries, counseling, at maging akses sa HIV testing at management, dahil na rin sa pangkalahatang istruktura ng lipunan na hindi kumikilala sa transgender bilang kasarian. Isa pang pag-aaral tungkol sa mga trans sa kontekstong Filipino ay ginawa nina Binghay²⁷ kung saan tinukoy ang industriya ng BPO sa Pilipinas bilang isa sa mga mas mapagtanggap na industriya para sa mga trans. Sa pag-aaral na ito, binanggit ang kaibahan ng industriya ng BPO sa kung paano nila hayaan ang mga trans na ihayag ang kanilang identidad sa lugar ng trabaho. Isang tinukoy na malaking dahilan sa mapagtanggap na kultura ng industriyang ito ay ang kalikasan ng kanilang trabaho na hindi nangangailangan ng harapang pisikal na pakikitungo sa mga kliyente. Ang mga pananaliksik naman nina Alegre²⁸ at Lopez²⁹ ay nakatuon sa pagpapalaya sa mga trans mula sa kasalukuyang mapang-aping kondisyon. Ginamit ni Alegre ang pagsusog at pagpapatunay sa malakas na kultura ng *queerness* sa Pilipinas bago ang pagdating ng mga mananakop na Kastila, bilang panawagan sa pagbabalik ng kulturang ito. Samantala, ginamit ni Lopez ang kaso ni Jennifer Laude, para ipaglaban ang pagbabago laban sa mababang pagtingin sa mga trans at sa pagka-Filipino sa harap ng imperyalismo. Sa kabuuan, malinaw na diskriminasyon ang pangunahing tema sa mga pag-aaral na ito. Ang kasalukuyang pananaliksik ay magpapalawig pa sa usapin ng diskriminasyon sa mga trans, ngunit sa konteksto ng online na ugnayan,

26 Luis Emmanuel Abesamis. "Intersectionality and the Invisibility of Transgender Health in the Philippines." *Global Health Research and Policy* 7, no. 35 (2022). <https://doi.org/10.1186/s41256-022-00269-9>.

27 Virgel Binghay, and Joseph Cotas, Jr. "Transforming Spaces, Welcoming Places: Transgender Women's Inclusion in the Philippines' BPO Industry." *Philippine Journal of Labor and Industrial Relations* 39 (2022): 158–199. <https://journals.upd.edu.ph/index.php/pjlr/article/view/9394>.

28 Brenda Rodriguez Alegre. "From Asog to Bakla to Transpinay." *Alon: Journal for Filipinx American and Diasporic Studies* 2, no.1 (2022): 51–64. <https://www.jstor.org/stable/48656850>.

29 López Toledano, Max. "The Afterlife of Jennifer Laude: Trans Necropolitics and Trans Utopias." *Crossings: Swarthmore Undergraduate Feminist Research Journal* 1, no. 1 (2023): 17–31. <https://works.swarthmore.edu/crossings/voll/iss1/2>.

na maituturing na pangunahing anyo ng pakikipag-ugnayan ng mga tao sa kasalukuyang panahon.

Hindi na rin bago ang mga pag-aaral tungkol sa pagiging gender-neutral ng wikang Filipino. Ayon sa pag-aaral ni Miciano,³⁰ may mga salitang Tagalog na may kinalaman sa trabaho ang sadyang may pagkiling sa kasarian—tulad ng pagsasaka at pangingisda na karaniwang itinuturing na panlalaki, at ang pagtitinda at paglalaba naman bilang pambabae. Sa pag-aaral naman nina Lazaro-Zamora,³¹ ipinakita nila na bagamat walang kasarian ang mga nominal na salita sa wikang Filipino (di tulad ng mga nominal na salita sa ibang wika tulad ng Aleman o Espanyol), makikita umano na nagkakaroon din ang mga ito ng kasarian batay sa konteksto at aktwal na gamit sa lipunan. Ang pananaw na ito ay ipinapahayag din sa pag-aaral ni Dela Cruz³² kung saan hinamon nya ang pagiging gender-neutral ng wikang Filipino. Maaari umanong sa antas ng gramatika ay walang pagkiling na makikita sa kasarian, lalo na sa mga panghalip, pero sa mas masusing pagtingin sa gamit nito sa lipunan, makikita ang mga isteryotipiko at diskriminasyon sa mga kasarian. Samantala, binigyang-diin naman sa pag-aaral ni Dayag³³ na mas akmang gamitin ang wikang Filipino sa mga desisyon ng Korte Suprema dahil gender-neutral ito kumpara sa Ingles na karaniwang gamit ng mga hukom sa pinakamataas na hukuman. Lumabas sa kanyang pagsusuri na sa mga desisyong naisulat sa Ingles, malinaw na naipapahayag ang mga pagkiling sa kasarian na nagbubunga ng mga isteryotipiko. Sa kabilang banda, may ilang hukom na gumagamit ng wikang Filipino sa kanilang mga desisyon, at sa pamamagitan nito ay naipapakita ang pag-iwas sa mga isteryotipiko. Ang kasalukuyang pag-aaral ay magtutuloy sa pagpapalawig ng kaisipan na ang pagiging gender-neutral ng wika ay hindi lamang nasusukat sa antas ng gramatika, kundi higit na nakabatay sa aktwal na paggamit nito sa lipunan. Higit pa rito, bibigyang diin ng pag-aaral na ito na ang diskriminasyong gamit ang sariling wika ay mas masakit kumpara sa diskriminasyong gamit ang mga salitang banyaga.

30 Remedios Miciano. "Overt and Covert Gender in Tagalog and the Perception of Job-Related Terms." *Kasarinlan* 16, no. 1 (2001): 245–266. <https://www.journals.upd.edu.ph/index.php/kasarinlan/article/view/1082/1114>.

31 Nina Christina Lazaro-Zamora, and Adonis Pacleb David. "Pagsusuri at Klasipikasyon ng Kasarian ng mga Nominal na Salita sa Filipino." *The Normal Lights Special Issue* (2022). <https://doi.org/10.56278/tnl.vi.1723>.

32 Francine Yvonne Dela Cruz. "Siya nga ba'y Gender Neutral?: A Preliminary Linguistic Analysis of the Genderedness of Filipino." *UP Working Papers in Linguistics* 2, no. 1 (2023). https://linguistics.upd.edu.ph/wp-content/uploads/2023/10/13-Siya-nga-ba_y-Gender-Neutral.pdf.

33 Dayag, "Gender-Neutral Language".

METODOLOHIYA

Sinuri ni Quindoza Santiago ang mga tulang feminista sa Pilipinas gamit ang isang balangkas na tinawag niyang *malay sa kasarian*.³⁴ Ang ganitong pagsusuri ay tumitingin sa kabuuan ng produksyon ng mga tula o ng panitikan sa pangkalahatan. Ibig sabihin, sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan, isinasaalang-alang ang ugnayan ng lipunan, kaligiran, at kasaysayan, partikular na ang mga kondisyong pang-ekonomiya at pangkabuhayan. Ang mga teksto sa panitikan ay mahalagang pag-aralan dahil dito nasusukat ang pagpapahalaga at pagtanggap sa mga konsepto ng pagkababae at pagkalalaki. Ang mga pagtanggap at pagpapahalaga na ito ay babalik sa lipunan para makipagtuos sa mga pagbabago, at ito rin ang magiging daan para makalikha ng mga bagong teksto. Kasama sa dapat pagtuunan ng pansin ang pangkalahatang produksyon, at hindi lang ang produksyong pampanitikan. Hindi maihihiwalay ang kasaysayan ng lipunan sa pagsusuri sa pangkalahatang produksyon, at sa konteksto ng lipunang Filipino, hindi rin maihihiwalay ang pinagdaanan natin sa mga mananakop na bansang kolonyalista. Ang pagluwal at pagbibigay buhay sa lipunang Filipino ay produkto ng mga pwersang panlabas—ng mga Espanyol at Amerikano. Ang *panunuring malay sa kasarian* ay nagbibigay pansin sa ugnayan ng iba't-ibang elementong nakapalibot sa teksto upang maisa-konteksto at lubos na maunawaan ang mga isyung pagkasarian. Hindi madaling gawin ang ganitong uri pagsusuri dahil maraming dapat isaalang-alang. Ayon kay Quindoza-Santiago, ang prosesong ito ay masalimuot: “Sapagkat kailangang isaalang-alang ang kasaysayan, sapagkat kailangang isaalang-alang ang relasyong panlipunan, at relasyong seksuwal ng babae at lalaki, sapagkat kailangang isaalang-alang ang takdang kaligiran, masasabing isang masalimuot na proseso ang panunuring malay sa kasarian.”³⁵ Ang panunuring malay sa kasarian ang magsisilbing batayang teoretikal ng pag-aaral na ito.

Sa pagsasa-konteksto ng pagtalakay sa misgendering, susuriin ng papel na ito ang kaso ni Jude Bacalso, isang trans na naging kontrobersyal matapos umani ng batikos ang pag-akusa nya ng misgendering sa isang waiter. Tatlong Facebook post tungkol kay Bacalso ang pipiliing suriin batay sa dami ng komento, reaksyon, at *shares*. Ang unang post na susuriin ay ang Facebook post ni John Calderon noong Hulyo 21, 2024. Ayon sa post ni Calderon, nakita nya ang tweet ni Bacalso na: “Ang ganda-ganda ko para matawag na “SIR”, dapat sa mga waiter na walang common sense matanggal sa trabaho.” Personal umanong nasaksihan ni Calderon ang eksenang ito, pero dahil hindi sya makapag-komento sa tweet ni Bacalso, gumawa na lang sya ng sariling Facebook post

34 Quindoza-Santiago, *Sa Ngalan ng Ina*.

35 *Ibid.*, 179.

tungkol dito na may kasamang larawan ng waiter na nakatayo, kaharap ang nakaupong si Bacalso. Kasama rin sa post ni Calderon ang screenshot ng orihinal na tweet ni Bacalso kung saan sinasabi nyang “sir” ang tinawag sa kanya sa kabila ng kanyang kagandahan. Ang post na ito ay may 39K reacts, 19.5K comments, at 11K shares noong Nobyembre 15, 2024. Pero sa ngayon, hindi na ma-akses ang post na ito at maaaring permanente nang tinanggal sa Facebook. Ang sunod na post na titingnan ay ang Facebook post ng *Pinoy Trend* noong Hulyo 24, 2024 na may pamagat na “LGBT writer na si Gitri San Diego, kumampi kay Jude Bacalso”.³⁶ Ang post na ito ay may larawan ng selfie ni San Diego at may caption na “Ang ganda-ganda ng bihis nya tapos tatawagin mo lang ‘sir’?” Ayon sa post, nadidismaya umano si San Diego sa mga reaksyon ng mga netizens sa kaso ni Bacalso. Ayon din sa post, may kaparehong karanasan si San Diego, kung saan ang kasama nyang trans ay tinawag din na “sir” ng isang waiter kaya umalma umano sya at pinagsabihan ang waiter na, “Ang ganda-ganda ng bihis nya tapos tatawagin mo lang ‘sir’?” Ang post na ito ay may 40K reacts, 28.9k comments, at 2.9K shares noong Nobyembre 29, 2024. Ang huling post na susuriin ay mula uli sa *Pinoy Trend* noong Hulyo 24, 2024 na may pamagat na, “Pagtawag ng ma’am sa mga transwomen, common sense lang dapat ayon sa isang LGBT social media personality”.³⁷ Sa post na ito, makikita ang larawan ng sinasabing social media personality na ang pangalan ay Kimberly Anne at may caption ito na, “Common sense nalang ‘yon na nakita mo na ‘yung tao na ang haba ng buhok, may malaking s*so, tatawagin mo paring sir?” Ang post na ito ay may 21K reacts, 24.2K comments, at 2.4k shares. Kapansin-pansin na mas maraming interaksyon ang mga *clickbait-style* post ng *Pinoy Trend* kaysa sa orihinal na post ni Calderon. Gayunman, karamihan sa mga komento ay nakatuon pa rin kay Bacalso.

Sa pagsusuri ng mga komento tungkol kay Bacalso, content analysis ang gagamitin, ayon sa depinasyon ni Krippendorff kung saan ang pag-analisa ng nilalaman ay itinuturing isang riserts teknik para sa paggawa ng mga maaaring maulit at wastong hinuha mula sa mga teksto tungo sa mga konteksto ng kanilang gamit.³⁸ Sa pagsusuri ng mga komento sa Facebook, pagtutuunan ng pansin ang bilang o dami ng mga salita na nagpapahayag ng mga magkakatulad na konsepto o tema. At ang dami ng bilang ng mga salitang ito at ang paraan ng pagkakasabi nito sa mga komento ang magiging batayan ng pagbibigay kategorya at pagbibigay kahulugan sa mga namamayaning tema. Bilang

36 <https://web.facebook.com/photo/?fbid=1065632474930247&set=a.677429013750597>

37 <https://web.facebook.com/photo/?fbid=1065075011652660&set=a.677429013750597>

38 Klaus Krippendorff. *Content Analysis: An Introduction to Its Methodology*, 3rd ed. (Thousand Oaks, CA: Sage, 2013), 24.

bahagi ng etikal na konsiderasyon, hindi isasama o babanggitin ang pangalan o anumang detalye ng pagkakakilanlan ng mga indibidwal na nagbigay ng komento. Ang pokus ng pagsusuri ay nasa nilalaman ng kanilang mga pahayag at hindi sa kanilang personal na identidad.

Hindi sinuri ang lahat ng humigit-kumulang 72,600 komento mula sa tatlong post. Sa halip, sinimulang basahin ang mga komento ayon sa kronolohikal na pagkakasunod-sunod (mula sa pinakabago hanggang sa pinakaluma). Pagdating sa ika-1,000 komento sa bawat post, napansing wala nang bagong ideyang lumilitaw. Bilang pananggalang, ipinagpatuloy pa ang pagsusuri hanggang sa ika-1,700 komento sa bawat post (kabuuang 5,100 komento) upang matiyak na naabot na ang *data saturation point*. May apat na uri ng saturasyon³⁹ na naabot ang pagsusuri sa mga komento: (1) teoretikal na saturasyon (*theoretical saturation*) - wala nang naibibigay na bagong ideya ang mga sinusuri para makakapagpalakas pa ng pinalalilitaw na teorya; (2) saturasyon sa datos (*data saturation*) - wala nang bagong datos na nakikita at paulit-ulit na ang mga ipinapahayag ng mga sinusuring mga komento; (3) tematikong saturasyon (*thematic saturation*) - wala nang bagong temang lumilitaw at malinaw ng nakikita ang mga katangya; at (4) saturasyon sa kahulugan (*meaning saturation*) - wala nang naidadagdag na kahulugan sa pag-aaral ang mga datos na kinokolekta at inaanalisa.

Batayan ng Kasarian: Biyolohiya at Relihiyon

Ayon kay Quindoza-Santiago, “ang katawagang *babae* ay tumutukoy sa kayarian ng isang babae bilang tao kaugnay ng pisikal, seksuwal, bayolohikal at sikolohikal na mga katangian.”⁴⁰ Dahil iba-iba ang danas ng mga babae, nagkakaiba rin ang mga kayariang tinutukoy nya rito. Pero kung may pagkakapareho man ng mga katangian, ito ay kaugnay ng kanilang pisikal at biyolohikal na aspeto—ang pagkakaroon ng ari ng babae at mga bahaging reprodutibo, gaya ng sinapupunan.

Samantala, ang *pagkababae* naman ay isang konseptong pangkasarian na itinuturing konstruksyong panlipunan. Ang konstruksyong ito ay nahulma ng kultural na diktasyon at nagtatakda ito ng mga katangian at gampanin ng isang babae.⁴¹ Kung ito ang pagkakaiba ng ibig sabihin ng *babae* at *pagkababae*,

39 Sara Rahimi at Marzieh Khatooni. “Saturation in Qualitative Research: An Evolutionary Concept Analysis.” *International Journal of Nursing Studies Advances*, 6 (2024), <https://doi.org/10.1016/j.ijnsa.2024.100174>.

40 Quindoza-Santiago, *Sa Ngalan Ng Ina*, 11.

41 Ibid.

pwede nating masabi na ganito rin ang pagkakaiba ng *lalaki* at *pagkalalaki*—na ang pagiging *lalaki* ay ang pagkakaroon ng mga pisikal at biyolohikal na katangian, samantalang ang *pagkalalaki* naman ay isang konstruksyong panlipunan. Sa katunayan, ganito mismo ang pagkakaibang inilarawan ni De Castro: “Ang pagiging lalaki ay nakatali sa pagkakaroon ng aring panlalaki. Ang batayan ay empirikal at sa empirikal na pagsusuri malalaman kung ang tao ay lalaki o babae. Ang pagkalalaki naman ay isang sosyolohikal at sikolohikal na konsepto.”⁴² Sa ganitong pagpapakahulugan, lumalabas na ang biyolohikal na kahulugan ang pinakamadaling paraan ng pagbibigay-kasarian sa isang tao. Sabi nga ni Buenaflor, maaaring ang pagtatakda ng kasarian ay sadyang nakabatay sa salitang-ugat ng salitang “kasarian” na *ari*, kaya’t sasabihin natin na “kung lalaki ka, may titi ka; kung babae ka, may puke ka. Sa genetics, kung lalaki ka, mayroon kang XY chromosomes; kapag babae ka, mayroon kang XX chromosomes.”⁴³ Sa biyolohikal na pagtatakda, madaling matutukoy ang kasarian ng isang tao.

Sa pagsusuri ng mga komento sa Facebook sa kaso ni Jude Bacalso, lumilitaw na ang pangunahing basehan ng mga nagkomento tugkol sa kasarian ay biyolohikal. Ang paggiit ni Bacalso na hindi sya dapat tawaging “sir” ay umani ng batikos dahil hindi ito sumasang-ayon sa pamantayang biyolohikal ng lipunan. Marami sa mga komento ang nagbanggit ng mga biyolohikal na basehan tulad ng ari ng babae at lalaki. Madalas na gamitin ang asersiyon na “may lawit” si Bacalso kaya hinding-hindi ito maituturing na babae o matatawag na “mam”. Bukod sa “may lawit”, sya rin ay may *itlog*, *bayag*, *etits*, *putotoy*, *oten*, *tarugo*, *batuta*, at iba pang mga katawagan para sa ari ng lalaki. Samantala, ang ilang kababaihang nagkomento ay hindi rin sang-ayon sa pagtawag kay Bacalso na “mam” sapagkat marami raw sa mahahalagang katangiang pambabae ang wala sa kanya, tulad ng pagkakaroon ng ari ng babae, sinapupunan, regla, at kakayahang magbuntis. Narito ang ilan sa mga komentong nagsasabing lalaki si Bacalso at nararapat lamang na “sir” ang itawag sa kanya:

BIYOLOHIKAL NA BATAYAN

Nakaka insulto naman sa aming mga babae Buwanang dinadalaw at nanganganak Pa Sana maintindihan nila na kahit anung gawin sa katawan nila para maging babae, wala pa ring (MATRES OVARY BAGA)

42 De Castro, “Pagiging Lalaki”, 136.

43 Buenaflor, “Panimulang Pag-aaral”, 83.

BIYOLOHIKAL NA BATAYAN

if you feel upset.. how much more ang damdamin ng mga TUNAY na BABAE??? Nag undergo ng menstrual flow, menstrual cramps, dysmenorrhea, giving birth, hormonal imbalance, etc. kung sasabihin na kayo ay katulad na rin namin na isang “Babae” dahil nagbihis at hugis babae kayo??? So kami na mag adjust???

basta may lawet, HE ang itawag nyo. period.

Pero ang boses pinipilit, may adams apple at ang braso pang kargador sa pier

Kahit baliktarin mo ang mundo sinilang kang lalake or matatawag na sir...may itlog at may bayag.. kaya marunong kang tumanggap pano ka iaddress ng tao kung papano ka tawagin... dika po maganda ikaw lang nagsabi niyan... wag mong pakialaman ang mga waiter kapal ng mukha mo

if you feel you're a woman wala namang mali dun, pero di din mali na tawagin kang sir ng iba kung obvious naman na lalaki ka, and gender was assigned at birth, it will never be changed kahit ipaputol mo pa yan, kahit pakiramdam mo babae ka wala naman masya sama dun pero di pa rin mababago ng pakiramdam mo ang objective reality na lalaki ka

Wa kami pakels kung magpalagay kayo ng jogabells, patanggal mga balls nyo at gawing kiffyness mga talong niyo, PERO HANGGANG LALAKE KAYO SA LEGAL DOCUMENTS NYO LALAKE PA DIN KAYO. Kaya pwede dun lang tayo sa kung ano meron sa batas

For as long na meron kang etits, “Sir” ka pa din.

Paano po tawaging mam ang may itlog?

Umayos ka berting! Kahit mag make up kapa jan pag tanda mo prostate pa rin ipapa check up mo, hindi matris ! Minus points to sa langit ! Maxadong maepal! Entitled much?

ipaputol nya muna putotoy nya

Makikita sa mga halimbawang komento na may iba't-ibang mga antas din ang biyolohikal na batayan. Para sa iba, kapag nawala na ang ari ng lalaki, baka pwede pang makonsiderang “mam” si Bacalso. May iba naman na hindi pumapayag na tawagin siyang “mam” dahil hindi naman daw siya mukhang babae. May mga komento pang nagsasabi na bukod sa hindi siya maganda, ay mukha pa rin daw talaga siyang lalaki. Meron namang legalidad ang basehan ng kasarian. Marami ang nagkomento na dapat ipakita ni Bacalso ang mga legal na dokumento tulad ng birth certificate, pasaporte, at national ID nya; at kung anong kasarian ang nakasaad doon ay siya ang tunay niyang kasarian. Pero para sa iba naman, kahit magpalit pa ng aring pambabae, at magparetoke ng mukha at katawan para magmukhang babae, hindi nito mababago ang katotohanan na siya ay ipinanganak na lalaki. Madalas ding gamitin ang ekspresyong “pagbali-baliktarin man ang mundo”, upang ipahayag ang paniniwala na hindi mababago ang kasarian, at ang dapat sundin ay ang kasariang nakabatay sa katawang pinagsilangan.

Bukod sa biyolohikal na batayan, ang isa pang madalas na laman ng mga komento ay may kinalaman sa relihiyon at Diyos. Dito pumapasok ang kasaysayan ng bansa sa pag-unawa kung bakit madami ang ganitong mga reaksiyon. Bago dumating ang mga Kastila, wala naman umanong paghahating pangkasarian sa kamalayan ng mga Filipino. Pero ang pagsakop ng Espanya ang naghatid ng malaking pagbabago sa kamalayang pangkasarian sa pamamagitan ng patriyarkal na relihiyong katolisismo. Ang bahaging ito ng kasaysayan ang isa rin sa mga sinasabing dahilan ng pagbaba sa tingin sa mga kababaihan.⁴⁴ Narito ang ilan sa mga komentong gumamit ng relihiyon bilang batayan:

BATAY SA RELIHIYON

Dalawa lang po ginawa ng panginoon dios na tao babae at lalaki lang kaya po huwag kayo magalit baliktarin nyo man ang mundo lalaki pa din kayo sa mata ng dios at sa tao. Repent na po kayo kay God its not too late. Surrender all to jesus. God bless po

Pagka walang bahay bata Sir po un. huwag nyo na pilit baguhin ang binigay sa inyo. Matakot kayo sa Dios, kapag patuloy kayong gagawa ng ayaw ng Dios kakamtin nyo ang kanyang galit.

Hoy jude! Tanggapin mo nga SIR ka talaga ginawa ng Diyos!!!!

Wala sa banal na libro ang kasarian nila...BABAE at LALAKE lang...ang tama ay tama ang mali ay mali...kahit ako I will address him as Sir. period.

Bakit di ninyo sisihin ang BIBLE dahil dalawa lang ang mababasa mong kasarian dun. Yan ay ang "Babae at Lalaki".

Deuteronomy 22:5 Deuteronomy

Ang babae ay huwag mananamit ng nauukol sa lalake, ni ang lalake ay magsusuot ng pananamit ng babae; sapagka't sinomang gumagawa ng mga bagay na ito ay karumaldumal sa Panginoon mong Dios.

Masyado kayong sensitive baka pag kaharap nyo na ang Diyos kwestyunin nyo pa rin sya sa inyong gender. My goodness in the eyes of God you are created man binastos nyo nga ang Diyos dahil pinangunahan nyo sya sa pagpapalit nyo ng Gender

Basta Ako, dalawang tao lamang Ang ginawa ng diyos si Adam at Eva, end of conversation.

Nagkapera lang mang hahamak kana, kahit baliktarin ang mundo lalaki ka parin sa mata nang Panginoon .

Di mo na nga ginalang ang pagkakalikha sa iyo ng Diyos bilang lalaki tapos gusto mo pa na tawagin kang Maam, Madam o lady?

Ang mga komentong batay sa relihiyon ay nagsisilbing tagapagpatibay ng biyolohikal na batayan ng kasarian. Isa sa malinaw na asersiyon ng mga

44 Quindoza-Santiago, *Ang Pinagmulan*, 145-146.

komentong ito ay ang paniniwala na Diyos ang nagtatakda ng kasarian ng tao sa panahon ng kanyang kapanganakan, at ang tao ay walang karapatang baguhin o pakialaman kung ano ang itinakdang kasarian ng Diyos. Bukod pa rito, ang isa pang asersiyon ay, dalawa lang ang kasarian—babae at lalaki, at walang nasa pagitan. At ang kasarian ay nakabatay sa biyolohikal na kalagayan sa oras ng kapanganakan.

Kasarian sa Wikang Filipino

Tulad ng mga naunang pagsusuri sa isyu ng pagiging gender-neutral ng wikang Filipino, lumalabas sa pag-aaral na ito na maliit lang ang bahagi ng pagka gender-neutral ng ating wika. Kung babalikan ang mga depenisyong misgendering, ang maling paggamit ng panghalip ay isa lang sa mga anyo nito. Pero maraming salita pa ang maaaring gamitin sa misgendering, lalo na ang intensyonal na uri. Makikita kasi na may mga salitang tumutukoy sa kasarian na hindi lang basta nagpapahayag ng kasarian, kundi nanghihiya o nangungutya pa ng kasarian. Halimbawa, ang katagang “may lawit” ay isang paglalarawan na ginagamit para lang sa mga bakla, lalo na sa mga trans. Hindi naman ito ginagamit na paglalarawan sa isang lalaki. Batay sa mga komento, masasabi na ang “may lawit” ay tumutukoy sa isang taong gumagawa o gumawa na ng mga hakbang upang maging, o magmukhang babae, pero hindi kailanman ito sasapat—dahil nananatili pa rin ang ari ng lalaki, o lawit. Ito ay isang pangungutya at panghihiya sa mga trans, at nagsasabing hinding-hindi sila matatanggap ng lipunan bilang babae. Sasamahan pa ito ng mga katagang “pagbali-baliktarin man ang mundo”, na ang ibig sabihin ay walang sinuman ang may kapangyarihan na baguhin ang kasarian na itinakda noong kapanganakan.

Kapuna-puna rin sa mga komento na intensyonal ang misgendering kay Bacalso. Ibig sabihin, kahit alam na ng mga tao na “mam” ang gusto ni Bacalso na itawag sa kanya, “sir” pa rin ang itatawag sa kanya. Sa kaso ng waiter, madami ang naniniwalang hindi nya sinasadya ang misgendering. Ginamit lang umano nya ang “sir” bilang pagpapahayag ng respeto sa isang tao na sa tingin nya ay isang lalaki. May mga nagsabi pa nga na hindi kasalanan ng sinuman na tatawag kay Bacalso ng “sir” dahil bukod sa hindi ito mukhang babae, hindi nya pinalitan ang kanyang pangalang panlalaki. Narito ang dalawang halimbawa ng ganitong komento: “sa pangalan pa lang Jude lalaki yan eh” at “pangalan mo pa lang lalaking lalaki ka na”. Sa madaling salita, maaari talagang magkaroon ng misgendering sa isang trans kung ang kanyang hitsura, boses, katawan, galaw, at pangalan ay maituturing na panlalaki. At ang ganitong uri ng misgendering ay malamang na hindi sinasadya. Pero sa kaso ng mga nagkomento sa Facebook na tinawag si Bacalso na “sir”, malinaw na intentsyonal ang kanilang misgendering. Ang pagtawag ng “sir” kay Bacalso ay pagpapahayag ng mga

nagkomento na walang karapatan si Bacalso na baguhin ang kanyang identidad. Napakaraming komento kay Bacalso na nangungutya lang, sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang pantukoy sa mga lalaki tulad ng *sir, pare, uncle, tatay, brad, kuya, dodong*, at iba pa. Makikita din sa mga komento ang paggamit ng mga bruskong pangalan tulad ng Bruno at Raul. Maraming beses na lumabas ang pangalan na Raul sa mga komento, sapagkat ito ay batay sa isang sumikat na prank sa social media kung saan isang trans ang makikipaghalikan sa isang lalaki at mabubunyag na hindi siya biyolohikal na babae kapag sinabi niya (gamit ang malalim na boses) na ang pangalan niya ay “Raul!”. Kapansin-pansin din ang napakaraming nagkomento ng paulit-ulit na “sir” (sir! sir! sir! sir! sir!). Ito ay malinaw na pagpapahayag na hindi nila tinatanggap ang kasarian ni Bacalso, at lalaki pa rin ang turing nila sa kanya. Sa mga komentong tulad nito, ipinamumukha ng mga tao na alam nilang trans si Bacalso, pero hindi dahilan ito para tanggapin na siya ay isang babae. May mga salita ring ginagamit na pantawag kay Bacalso na nagdidiin sa kanyang kasarian bilang lalaki, tulad ng *bakulaw, tikbalang, maskulado, barako, at maton*. Napagtibay din ng pag-aaral na ito ang sinabi ni Miciano na may mga trabaho na sadyang naiuugnay sa mga kasarian. Lumitaw sa mga komento kay Bacalso ang pag-uugnay sa kanya sa mga trabahong panlalaki tulad ng boksingero, kargador, at construction worker. Sa ganitong pag-uugnay, sinasabi na malabong maging babae si Bacalso dahil ang kanyang hitsura ay mas malapit sa mga trabahong kinikilalang panlalaki.

Narito ang mga nalikom na salita mula sa mga komento sa Facebook tungkol sa kaso ni Bacalso kung saan makikita na may ilang mga salita sa wikang Filipino na nagpapahayag ng pagkiling sa kasarian, at may mga pagkakataon pa nga na ginagamit ang mga ito bilang panlait, panghiya, o pangkutya sa isang kasarian:

SALITANG PANTUKOY	LALAKI	BABAE
Parte ng katawan	lawit, itlog, titi, etits, oten, bayag, tarugo, putotoy, batuta, buntot, yagbols, talong	kipay/kiffy, kepyas, matres, biyak, tinggil, puke, bilat, pepe/pekpek, sinapupunan
Pangalan/pantawag	sir, manong, angkol, par/gar, kuya, tatay/tatang, Bruno, Raul, brad/brod/bro, pare/pre, parekoy, dong/dodong	mam/madam, miss
Biyolohikal na kaganapan		regla, mens, dinudugo, pagbubuntis, panganganak, pagpasuso sa bata, paglabas ng gatas sa dede

SALITANG PANTUKOY	LALAKI	BABAE
Trabaho	kargador, boksingero, construction worker ⁴⁵	
Jude Bacalso	bakulaw, tikbalang, maskulado, barako, maton	

Mas pinapatibay ng pag-aaral na ito ang mga naunang pag-aaral na humamon sa pagka-gender-neutral ng wikang Filipino. Totoo na sa antas ng mga panghalip at ilang pangngalan, makikita ang pagiging gender-neutral ng wikang Filipino. Pero sa mas malaking bahagi ng wika, makikita ang pagkiling ng madaming salita sa mga kasarian. Hindi lang pagkiling at diskriminasyon ang ipinapakita ng paggamit ng wika sa misgendering. Ipinapakita rin nito na meron tayong mga salita sa wikang Filipino na kapag ginamit sa mga ispesipikong konteksto tulad ng misgendering kay Bacalso, nagagagamit ang mga ito sa panlalait, pangungutya, panghihiya, at pagpapawalang-bisa sa mga karanasan at pakiramdam ng isang kasarian, lalong-lalo na ng mga trans. Mas ginagamit ang wikang Filipino kaysa Ingles o anumang wikang banyaga sa mga ganitong konteksto dahil mas mararamdaman ng inaapi ang masasakit na salitang ibinabato sa kanila.

Mababa pa sa Babae

Sa papel ni Kapusta, ang kahulugan ng misgendering para sa mga trans ay hindi lang tungkol sa paggamit ng panghalip o pantawag na panlalaki sa kanila. Sa kaniyang pagpapakahulugan, ang misgendering ay tungkol din sa hindi pagsama sa mga trans sa klasipikasyon o kategoryang *babae*, o di kaya ang pagbibigay-hererkiya sa kategoryang *babae*, kung saan may marhinalisasyon sa mga trans. Bukod dito, kinikilala rin ni Kapusta ang karagdagang hirap at hamon ng isang trans na hindi “papasa” bilang babae (non-passing transgender), o iyong mga trans na mukha pa ring lalaki. Ayon sa kanya, ang kategoryang ito ng mga trans na hindi papasa bilang babae ay mas nakakaranas ng diskriminasyon at misgendering kaysa sa mga trans na papasa bilang babae. Sila ang mga nasa ibaba ng herarkiya at kung minsan ay nagiging biktima pa ng diskriminasyon mula mismo sa kanilang sariling komunidad.⁴⁶ Ang paliwanag na ito ni Kapusta ang posibleng dahilan kung bakit inulan

45 Bagamat Ingles ang katagang “construction worker”, ito na rin ang mga salitang ginagamit ng karamihan sa pagtukoy sa trabahong nabanggit. Kung minsan nga ay “kontraksyon” ang pagkakabigkas dito ng ilan. Halimbawa: “sa ‘kontraksyon’ ang trabaho nya”.

46 Kapusta, “Misgendering and Its Moral Contestability”, 503.

ng batikos si Bacalso. Si Bacalso ay masasabing isang trans na hindi papasa bilang babae, kaya't hindi sya kinikilala bilang parte ng kategoryang *babae*. At kung kikilalanin man sya bilang babae, malamang siya ay nasa pinaka-ibaba ng herarkiya. Binigyang puna rin ni Kapusta ang mahigpit na kwalipikasyon sa pagiging babae na batay sa biyolohikal at reproduktibong aspeto tulad ng pagbubuntis, panganganak, at pagpapasuso. Kung ang mga ito umano ang gagawing kwalipikasyon sa pagiging babae, madaming biyolohikal na babae ang hindi mabibilang sa kategorya, tulad ng mga baog, mga matatanda, at iba pang mga walang kakayahan sa reproduksyon.⁴⁷

Sa isang patriyarkal na lipunan tulad ng Pilipinas, maraming hamon ang kinakaharap ng mga babae—ang subordinasyon sa mga lalaki; ang mga idealisasyon at ekspektasyon tulad ng pagka-birhen, pagiging maganda at makinis ang kutis, pagiging kaakit-akit; at mga palasak na paglalarawan tulad ng *pangkama*, *pangkusina*, at *pambahay*. Kung ang babae ay nakakaranas ng mga ganitong diskriminasyon, paano pa kaya ang mga trans na kung ituring ay mas mababa pa sa mga babae? Ang intensyonal na misgendering na nararanasan ng mga trans mula sa mga babae ay nagpapakita ng ugnayang-kapangyarihan sa pagitan ng mga babae at mga trans. Ang hindi pagkilala at pagtanggap ng ilang mga babae sa mga trans bilang babae ay isang paghahayag ng kapangyarihan ng mga babae na magdesisyon kung sino ang dapat o hindi dapat kilalanin bilang babae. Sa kabilang banda, ang paggiit naman ng mga lalaki na ang mga trans ay lalaki pa rin ay isa ring pagpapahayag ng ugnayang-kapangyarihan sa pagitan ng mga lalaki at mga trans. Sa ugnayang ito, idinidiin ng mga lalaki na hindi kaiba ang mga trans sa kanila—na sila ay mga *brad*, mga *pre*. Samakatuwid, makikita natin na parehong babae at lalaki ang humahamak sa kasarian ng mga trans. Maraming komento sa Facebook kaugnay sa kaso ni Bacalso ang nagpapahayag na ang mga trans ay may delusyon sa pagiging babae. Ang palagay ng mga nagkomento, mali ang ipilit ng mga trans na paniwalaan ang kanilang delusyon. Narito ang ilan sa mga halimbawa ng ganitong pahayag:

Wag nyo kaming isali sa pantasya nyo. Kung tinamaan kayo ng realidad sa pagtawag sa inyo ng Sir yun ay dahil sa katotohanang nakikita at hindi pantasya. Fantasy vs Reality

Wag niyong diktahan ang taong nagsasabi lang ng katotohanan. Wag niyo kaming igaya sa inyong nabubuhay sa ilusyong gawa-gawa niyo lang. Ang lalaki ay mananatiling lalaki at ang babae ay mananatiling babae. Iyan ang katotohanan wala ng iba pa.

Hindi ibig sabihin na confused kayo sa sarili niyo maging confused na din ang iba. Pag may lawit kahit anong tapal ng make-up, sir pa din yun diba? Pag nagkakared tide kana pwede kana pumalag. Pero kung illusion mo lang na babae ka well hindi lahat kayang sabayan illusion mo.

47 Ibid., 511.

mag tiis kayo habang sa pakiramdam at sa tingin namin kayo ay lalaki sir sir sir parin kayo kailan man kayong mga bakla di kayo magiging mam wala kaming pakialam kung anong suotin nyo basta tingin namin lalaki kayo sir talaga tawag namin bilang respito. May freedom of expression naman tayo pero dimo naman pwede idikta sa ibang tao ang delusion mo,

Makikita sa mga komento na itinuturing ilusyon o pantasya lang ang pagkababae ng mga trans, kaya't hindi dapat ito ipinipilit sa ibang tao. Ang ganitong pananaw ay tinatawag na *cisgenderism*—isang ideolohiyang nagpapawalang-bisa sa karapatan ng mga tao sa pagtukoy ng kanilang kasarian. Ang ideolohiyang ito ay nakabatay sa paniniwala na dalawa lang ang kasarian ng tao—lalaki at babae—na itinatakda sa kapanganakan at hindi na mababago habambuhay. Ayon sa *cisgenderism*, ang mga trans ay may sikolohikal na kamalian sa kanilang pagkatao, at misgendering ang paraan para igiit sa mga trans na mali ang paniniwala nila sa kanilang kasarian. Dahil dito masasabing ang *cisgenderism* ay isang uri ng opresyon na direktang nakatuon sa mga trans.⁴⁸ Ang pagiging sarado sa posibilidad na maaaring totoo, at hindi simpleng ilusyon o pantasya lang, ang mga nararanasan at nararamdaman ng mga trans ay isa umanong uri ng pananakit at pagkakait.⁴⁹ Pinagkakaitan ang mga trans na maipahayag ang kanilang karanasan at interes, at pinagkakaitan sila ng pagkakataon na maintindihan. Ito rin ay isang uri ng politikal na pananakit sapagkat ang hindi pagkilala sa kanila ay posibleng magdulot ng problema sa mga institusyong pampubliko kung saan may mataas na posibilidad ng hindi pagtutugma ng kanilang kasalukuyang hitsura at kasarian, sa mga pampublikong talaan. Ang misgendering at mga kaakibat na problema nito ay nagpapakita ng masalimuot na kalagayan ng mga trans sa Pilipinas. At hindi naman siguro pagmamalabis na sabihing mas nakakaramdam ng opresyon at diskriminasyon ang mga trans kaysa sa mga babae.

KONGKLUSYON

Hindi pa karamihan ang mga pag-aaral tungkol sa misgendering at sa mga trans sa lokal na konteksto. Pero ang paminsan-minsang pagsulpot ng mga kontrobersyal na kaso ng misgendering sa mga trans sa ating lipunan ay isang indikasyon na dapat paglaanan ito ng pansin at panahon. Ang pagsusuring ito ay isang hakbang tungo sa direksyong ito—ang pagkilala sa isyu at pasimulan ang diskurso sa usaping pangkasarian na ito. Ang paggamit ng wikang Filipino ay hindi makakapigil sa pagkakaroon ng misgendering sa lipunang Filipino dahil malalim ang ugat ng paniniwala sa baynaryo ng kasariang babae at lalaki. Ang

48 Edmonds and Pino, “Designedly Intentional Misgendering”, 669-670.

49 Kapusta, “Misgendering and Its Moral Contestability”, 504-505.

kaso ni Bacalso ay malinaw na sumasalamin sa pananaw na ito, na nakabatay sa ipinapahayag ng relihiyon at biyolohiya. Tulad ng pagsusog nina Quindoza-Santiago at Garcia sa pananakop ng mga Kastila at pagbibigay ng Katolisismo sa bansa bilang ugat ng dahilan ng mababang pagtingin sa mga babae at mga bakla, ito rin ang dahilan kung bakit hindi tinatanggap ang mga trans sa lipunan. Lumalabas din na ang paggamit ng wikang Filipino sa paggiit na dalawa lang ang kasarian ay nagbibigay-daan para mas maramdaman ng mga trans na hindi sila tanggap sa lipunang Filipino. Mahirap makawala sa mga paniniwalang hinubog at pinatibay ng mahigit apat na daang taon. Hindi pa nga nakakabawi ang mga babae at mga bakla sa ginawang pagpapababa sa kanilang estado sa lipunan kahit ilang dekada nang pinagsisikapang maiangat itong muli, narito na naman ang panibagong isyung pangkasarian, na maaaring mas masalimuot pa kaysa sa kinakaharap ng mga babae at bakla. Matagal na panahon pa ang bubunuin para maikonsidera ng lipunang Filipino ang posibilidad na may iba pang kasarian bukod sa lalaki at babae. Ang pananatiling tahimik sa isyu ng misgendering ay hindi makakatulong sa usaping pangkasarian. Ang kaso ni Bacalso ay isang halimbawa ng paghamon sa namamayaning relihiyoso at patriyarkal na kamalayan ng kasarian sa Pilipinas. Bagaman pwedeng punahin ang ginawang pag-alma ni Bacalso sa isang hindi sinasadyang kaso ng misgendering, makakatulong pa rin ang mga ganitong pangyayari para lumitaw sa kamalayan ang isyung pangkasarian na ito, at mabuhay ang diskurso sa paksa. Madaming kaso ng misgendering ang nangyayari araw-araw na hindi naman nababalita at nagiging kontrobersyal. At isa sa pangunahing dahilan kung bakit “bihira” lang magkaroon ng misgendering ay dahil nananahimik na lang ang mga taong biktima nito. Ang pananahimik ay dala ng takot. Kalimitan, ito ay takot para sa kanilang seguridad. Ito rin ang posibleng dahilan kung bakit ang mga nababalitaang mga isyu ng misgendering ay kinasasangkutan ng mga personalidad na trans- dahil sila ang may impluwensya at kapangyarihang umalma sa misgendering. Pwede naman talagang umalma, at dapat nga raw na ganito ang gawin sa mga kaso ng sinasadya o intensyonal na misgendering, para mailantad ang opresyong ginagawa laban sa mga trans.⁵⁰ Magtatagal pa ang isyung ito at madami pang inaasahang magiging kaso ng misgendering. Pero ang mahalaga ay mapalitaw ang paksang pangkasarian na ito sa kamalayan ng tao at masimulan ang diskurso. Dahil dito, iminumungkahi na ituloy pa ang mga pag-aaral at diskurso tungkol sa mga transgender. Maganda sanang magkaroon ng antolohiya ng mga karanasan ng mga trans sa Pilipinas. Maganda ring tingnan ang mga posibleng pagkakaiba sa kategorya ng mga trans, tulad ng ginawa ni Neil Garcia sa pagbibigay paliwanag sa kaibahan ng mga konsepto ng *binabae*, *silahis*, at *MSM*. Sa ganitong paraan, mas lalawak ang pang-unawa ng mga tao sa mga transgender. Sa antas naman ng wika, magandang tingnan

50 Edmonds and Pino, “Designedly Intentional Misgendering”, 669-670.

kung ano ang lugar ng mga *neo pronouns* sa lipunang Filipino, dahil may mga Filipino na rin na gumagamit ng mga ito sa kanilang pagpapakilala. May mga pagbabago kaya sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao ang mga taong nagsimulang gumamit ng kanilang *neo pronouns*? Mainam din sana na magkaroon ng mga rekomendasyon na may kinalaman sa mga institusyonal na polisiya para sa pagtanggap sa mga trans. Pero sa ngayon, tila suntok sa buwan ang ganitong hiling. Mas may pangangailangan na maisiwalat muna ang mga karanasan ng diskriminasyon at pang-aapi sa mga trans para unti-unti itong makapasok sa kamalayan ng lipunan, at makita ang posibilidad na hindi lang babae at lalaki ang kasarian ng mga tao.

BIBLIOGRAPIYA

- Abesamis, Luis Emmanuel. "Intersectionality and the Invisibility of Transgender Health in the Philippines." *Global Health Research and Policy* 7, no. 35 (2022). <https://doi.org/10.1186/s41256-022-00269-9>.
- Abeyratne, Dilini, Gowri Malka Ratnayake, Udai Akalanka Wijetunga, Umesha Wijenayake, and Uditha S. Bulugahapitiya. "Review on the Transgender Literature: Where Are We Now and a Step beyond the Current Practice?" *Endocrines* 3, no. 2 (2022): 317–328. <https://doi.org/10.3390/endocrines3020026>.
- Alegre, Brenda Rodriguez. "From Asog to Bakla to Transpinay." *Alon: Journal for Filipinx American and Diasporic Studies* 2, no.1 (2022): 51–64. <https://www.jstor.org/stable/48656850>.
- Ansara, Y. Gavriel, and Peter Hegarty. "Cisgenderism in Psychology: Pathologising and Misgendering Children from 1999 to 2008." *Psychology & Sexuality* 3, no. 2 (2011): 137–160. <https://doi.org/10.1080/19419899.2011.576696>.
- . "Methodologies of Misgendering: Recommendations for Reducing Cisgenderism in Psychological Research." *Feminism & Psychology* 24, no.2 (2014): 259–270. <https://doi.org/10.1177/0959353514526217>.
- Binghay, Virgel, and Joseph Cotas Jr. "Transforming Spaces, Welcoming Places: Transgender Women's Inclusion in the Philippines' BPO Industry." *Philippine Journal of Labor and Industrial Relations* 39 (2022): 158–199. <https://journals.upd.edu.ph/index.php/pjilir/article/view/9394>.
- Buenafior, Lorenzo Miguel. "Panimulang Pag-aaral sa Diskursong Pangkasarian sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle." *Malay* 33, no.1 (2020): 82–97. <https://www.dlsu.edu.ph/research/publishing-house/journals/malay/sinupan/edisyon-33-1/malay-6/>.

- Corby, S., et al. "Burned Out by the Binary: How Misgendering of Nonbinary Employees Contributes to Workplace Burnout." *The International Journal of Human Resource Management* 36, no. 7 (2024): 1129–1163. <https://doi.org/10.1080/09585192.2024.2374892>.
- Dayag, Florian Kim. "Gender-Neutral Language in Philippine Supreme Court Decisions." *Comparative Law and Language* 2, no. 1 (2023): 1–25. <https://teseo.unitn.it/cil/article/view/2520/2580>.
- De Castro, Leonardo. "Pagiging Lalaki, Pagkalalaki, at Pagkamagino." In *Philippine Social Sciences Review, Gender Issues in Philippine Society*, edited by M. C. Gastardo-Conaco, 52, vols. 1-4 (1995): 127–142. <https://journals.upd.edu.ph/index.php/pssr/article/view/1717/1657>.
- Dela Cruz, Francine Yvonne. "Siya nga ba'y Gender Neutral?: A Preliminary Linguistic Analysis of the Genderedness of Filipino." *UP Working Papers in Linguistics* 2, no. 1 (2023). https://linguistics.upd.edu.ph/wp-content/uploads/2023/10/13-Siya-nga-ba_y-Gender-Neutral.pdf.
- Edmonds, David Matthew, and Marco Pino. "Designedly Intentional Misgendering in Social Interaction: A Conversation Analytic Account." *Feminism & Psychology* 33, no. 4 (2023): 668–691. <https://doi.org/10.1177/09593535221141550>.
- Garcia, J. Neil. *Philippine Gay Culture: Binabae to Bakla, Silahis to MSM*. Hongkong Univeristy Press and UP Press, 2009.
- _____. "Male Homosexuality in the Philippines: a short history." *Inernational Institute for Aisan Studies Newsletter* 35 (2004): 13. https://www.ias.asia/sites/default/files/2020-11/IIAS_NL35_13.pdf
- Gunn, Hamish. "The Experience of Misgendering Among Trans and Gender Diverse People." Graduate Doctoral Dissertations 600, University of Massachusetts Boston (2020), https://scholarworks.umb.edu/doctoral_dissertations/600.
- Jacobsen, Kai, Charlie Davies, Drew Burchell, Leo Rutherford, Nathan Lachowsky, Greta Bauer, and Ayden Scheim. "Misgendering and the Health and Well-Being of Non-Binary People in Canada." *International Journal of Transgender Health* 25, no. 4 (2023): 816–830. <https://doi.org/10.1080/26895269.2023.2278064>.
- Kapusta, Stephanie Julia. "Misgendering and Its Moral Contestability." *Hypatia: A Journal of Feminist Philosophy* 31, no. 3 (2016): 502–519. <https://doi.org/10.1111/hypa.12259>.

- Krippendorff, Klaus. *Content Analysis: An Introduction to Its Methodology*. 3rd ed. Thousand Oaks, CA: Sage, 2013.
- Lazaro-Zamora, Nina Christina, and Adonis Pacleb David. "Pagsusuri at Klasipikasyon ng Kasarian ng mga Nominal na Salita sa Filipino." *The Normal Lights Special Issue* (2022). <https://doi.org/10.56278/tml.vi.1723>.
- López Toledano, Max. "The Afterlife of Jennifer Laude: Trans Necropolitics and Trans Utopias." *Crossings: Swarthmore Undergraduate Feminist Research Journal* 1, no. 1 (2023): 17–31. <https://works.swarthmore.edu/crossings/voll/iss1/2>.
- McLemore, K. A. "Experiences with Misgendering: Identity Misclassification of Transgender Spectrum Individuals." *Self and Identity* 14, no. 1 (2014): 51–74. <https://doi.org/10.1080/15298868.2014.950691>.
- . "A Minority Stress Perspective on Transgender Individuals' Experiences with Misgendering." *Stigma and Health* 2 (2016). <https://doi.org/10.1037/sah0000070>.
- Miciano, Remedios. "Overt and Covert Gender in Tagalog and the Perception of Job-Related Terms." *Kasarinlan* 16, no. 1 (2001): 245–266. <https://www.journals.upd.edu.ph/index.php/kasarinlan/article/view/1082/1114>.
- Pino, Marco, and David Matthew Edmonds. "Misgendering, Cisgenderism and the Reproduction of the Gender Order in Social Interaction." *Sociology* 58, no. 6 (2024): 1243–1262. <https://doi.org/10.1177/00380385241237194>.
- Rahimi, Sara and Marzieh Khatooni. "Saturation in Qualitative Research: An Evolutionary Concept Analysis." *International Journal of Nursing Studies Advances*, 6 (2024). <https://doi.org/10.1016/j.ijnsa.2024.100174>.
- Quindoza-Santiago, Lilia. "Ang Pinagmulan ng Kaisipang Feminista sa Pilipinas." *Review of Women's Studies* 5, no. 2 – 6, no. 1 (1996): 141–157. <https://journals.upd.edu.ph/index.php/rws/article/view/3111>.
- . *Sa Ngalan ng Ina: Sandaang Taon ng Tulang Feminista sa Pilipinas 1889–1989*. Quezon City: UP Press, (1997).
- Silan, Miguel, Mary Ann Rivera, and Loraine Chulipa. "Trans on Trains: Lived Experiences of Filipina Transgender Women on the MRT." *Philippine Journal on Psychology* 49, no. 2 (2016): 35–60. <https://www.pap.ph/assets/files/journals/trans-on-trains-lived-experiences-of-filipina-transgender-women-on-the-mrt.pdf>.

TALA SA MAY AKDA

Si Ignatius H. Vinzons ay kasalukuyang katuwang na propesor sa Departamento ng Agham Panlipunan ng Unibersidad ng Pilipinas Manila, kung saan siya ay nagtuturo ng mga kursong may kinalaman sa pilosopiya. Siya rin ay kasalukuyang kumukuha ng doktorado sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle Manila. Ang kaniyang mga interes sa pananaliksik ay nakatuon sa mga paksang kaugnay ng pilosopiya, wika, kultura, midya, at Araling Filipino.